

Emergency na Pangangalaga sa Bata para sa Mahahalagang Manggagawa ng King County

Naglaan ang King County ng \$2.2 million para magbigay ng pangangalaga sa bata, nang walang bayad, sa [mahahalagang manggagawa](#) na nakatira o nagtatrabaho sa County. Babayaran ng pondo ang slot sa mga piling tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa buong county hanggang Hunyo. **Kailangan namin ang iyong tulong para ipalaganap ang balita tungkol sa mapagkukunang ito sa iyong mga kliyente, empleyado, at komunidad!**



King County

Para mag-apply sa libreng pangangalaga sa bata na ito, dapat tumawag ang mga pamilya sa **Center ng Pamilya ng Child Care Aware ng Washington sa 1-800-446-1114** at kumpletuhin ang intake sa aming Mga Espesyalista ng Mapagkukunan. Mayroon kaming mga kinatawag nagsasalita ng Spanish at makakapagbigay kami ng serbisyo sa iba pang wika nang libre.



Pakitandaan: Kinakailangan ang pagpapatotoo ng trabaho at/o home address para makumpleto ang intake. Para mapabilis ang proseso ng intake, puwedeng magpadala ang mga pamilya ng mga larawan ng mga kinakailangang dokumento ng pagpapatotoo sa subsidy@childcare.org. Higit pang detalye ang makikita sa ibaba.

Lubos kaming nagpapasalamat para sa iyong serbisyo sa aming komunidad sa kritikal na panahong ito.

.....

Kinakailangan ang pagpapatotoo ng trabaho at/o home address para makumpleto ang intake. Pakipadala ang mga kinakailangang dokumento ng pagpapatotoo sa subsidy@childcare.org.

Pagpapatotoo ng Employer: Dapat kasama ang pangalan ng empleyado at employer at ang pisikal na address ng lugar ng trabaho. Sasapat ang larawan ng isa sa mga sumusunod na item:

- Badge ng ID sa trabaho;
- Email mula sa isang address ng trabaho na may pangalan at impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa linya ng lagda;
- Card ng negosyo;
- Paystub;
- Iskedyul sa trabaho kung saan nakikita ang employer.

Pagpapatotoo sa Address: (**Kinakailangan lang kung nagtatrabaho ka sa Lungsod ng Seattle **O** sa labas ng King County, para mapatunayan ang paninirahan sa King County**)

Hindi puwedeng mahigit 3 buwan na ang dokumentasyon, isama ang pangalan ng empleyado, at hindi ito puwedeng mga sulat o personal na pakikipag-ugnayan. Kung nakakaranas ka ng kawalan ng tirahan o kung hindi mo mapapatotohanan ang iyong home address, ipaalam ito sa amin at bibigyan ka namin ng mga alternatibong paraan ng pagpapatotoo.

- Isumite ang **ISA** mula sa listahang ito:
 - Bayarin sa Utility (Gas, Tubig/Basura, Ilaw/Kuryente, Cable, Landline na telepono)
 - Seguro ng Bahay/Nangungupahan
 - Dokumento ng Pagkakasangla

O

- **DALAWA** mula sa listahang ito galing sa iba't ibang pinagmulan:
 - Dokumento ng seguro (kalusugan, sasakyan, atbp.)
 - Dokumento ng mga benepisyo (DSHS, SSI, paystub, atbp.)
 - Dokumento ng pananalapi (Pahayag ng Bangko, pagraretiro, pahayag para sa credit card)
 - Iba pang bayarin
 - Lisensya ng Driver
 - Kontrata ng pagpaparenta o Sulat mula sa Ahensya ng Pabahay